Republic of the Philippines
Department of Education
**REGION III-CENTRAL LUZON**
**SCHOOLS DIVISION OF SAN JOSE CITY**
Unified Learning Assessment Tool in
**ARALING PANLIPUNAN 10**

**Quarter: __4__ Week : __4____**

**Pangalan:________________________** **Nakuha:___________**
**Pangkat:________________________** **Petsa:_____________**

**I. WRITTEN ASSESSMENT: Maramihang Pagpili**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pahayag upang matukoy ang wastong sagot sa bawat aytem. Isulat ang titik na kumakatawan sa iyong kasagutan sa patlang na nasa unahan ng bilang.

____ 1. Ang karapatang konstitusyunal ay may apat na klasipikasyon. Alin sa mga sumusunod ang **hindi kabilang**?
A. Sibil B. Politikal C. Natural D. Karapatan ng akusado

____ 2. Ang Bill of Rights ay katipunan ng mga karapatan. Alin sa sumusunod ang **hindi akma** sa nilalaman ng konseptong nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 ng Pilipinas?
A. Karapatan ng taumbayan ang kalayaan sa pananampalataya.
B. Karapatan ng taumbayan ang magtatag ng unyon o mga kapisanan.
C. Karapatan ng taumbayan ang mabilanggo sa pagkakautang o hindi pagbabayad ng sedula.
D. Karapatan ng taumbayan ang hindi gamitan ng dahas at pwersa sa kaniyang malayang pagpapasya.

____ 3. Bakit mahalaga ang mga karapatang nakasaad sa katipunan ng mga Karapatan ng ating Saligang Batas?
A. Nakasaad dito ang karamihan sa ating mga karapatan.
B. Nakasaad dito ang kabuuan ng ating mga likas at konstitusyonal na karapatan.
C. Nakasaad dito ang mga karapatan natin bilang malayang mamamayan ng isang demokratikong estado.
D. Ang lalabag sa mga nakasaad dito ay maparurusahan ayon sa batas.

____ 4. Ito ang tawag sa mga taong may responsibilidad at pananagutang ipagtanggol, isulong at isakatuparan ang karapatang pantao ng mga mamamayan.
A. Duty Bearers B. Right Holders C. Degree Holders D.Responsible Protectors

____ 5. Alin ang tamang pahayag tungkol sa karapatang Statutory?
A. Ito ay kaloob ng Diyos hindi ng tao.
B. Ito ay maaring mabago o mapigil ng batas.
C. Ito ay kaloob ng tao at hindi ng Diyos.
D. Ito ay tanging para sa mga mamamayan lamang.

____ 6. Ang ahensiya ng pamahalaan na pangunahing nangangalaga sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan sa Pilipinas ay ang:
A. Supreme Court
B. Philippine National Police
C. Department of Justice
D. Commission on Human Rights

____ 7. Ito ay mga karapatang kaloob ng binuong batas at maaaring alisin sa pamamagitan ng panibagong batas.
A. Likas B. Statutory C. Konstitusyonal D. Ekonomikal


____ 8. Paano naiiba ang ating natural na karapatan sa karapatang konstitusyonal?
A. Ito ay kaloob ng Diyos hindi ng tao.
C. Ito ay maaring mapigil ng batas.


B. Ito ay kaloob ng tao at hindi ng Diyos.    D. Ito ay nababago ng batas.


9. Bakit may karapatan pati ang akusado o nasasakdal sa isang kaso? ____


   A. Ito ay nakatadhana sa Saligang Batas.
   B. Ito ay ipinagkaloob sa kanila ng pamahalaan.
   C. Sila ay mga malayang mamamayan katulad ng bawat isa.
   D. Sila ay itinuturing na inosente hanggang hindi napapatunayang nagkasala.

10. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng ating karapatan liban sa isa. Alin sa mga ____ larawan ang mas nagpapahayag bilang isang pananagutan kaysa isang karapatan?

A.



B.


C


D.


**II.** **PERFORMANCE TASK: Bakit nga ba? :** Suriin ang mensahe ng larawan at umisip ng limang tanong na nagsisimula sa "**BAKIT**". Kaugnay nito sa bawat tanong na iyong mabubuo ay ibigay ang kasagutan gamit ang dalawa hanggang tatlong pangungusap. Gawin ito sa bond paper at maging malikhain sa paggawa para sa mas mataas na puntos.




1. Bakit ___________________?
Sagot:___________________
2. Bakit ___________________?
Sagot:___________________
3. Bakit ___________________?
Sagot:___________________
4. Bakit ___________________?
Sagot:___________________
5. Bakit ___________________?
Sagot:___________________

| Rubric sa Pagmamarka | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Deskripsiyon** | **Puntos** |
| Nilalaman | Ang mga ideyang naibigay ay kumpleto, wasto at makatotohanan. | **4** |
| Angkop | Angkop sa paksa ng larawan ang mga tanong na nabuo at naiugnay sa paksang aralin ang mga kasagutan. | **4** |
| Malikhain | Gumamit ng mga disenyo, tamang istilo at kulay upang maging maganda at kaakit-akit ang produkto | **2** |
| | Kabuuan | **10** |